



Ang Bagong Pananaw

Vol. 1 No. 12

Ang Opisyal na Pahayagan sa Filipino ng Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus

Setyembre 2015

JRMSU ipinagdiriwang ang 154th anibersaryo ni Dr. Jose Rizal

ni: John Mark Legados



Ipinagdiriwang sa loob ng pamantasan ng Jose Rizal Memorial State University, Dipolog Campus ang ika-154 na annibersaryo ng kapanganakan ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose Protacio Rizal noong ika -19 ng Hunyo sa taong ito.

GINANAP ang nasabing pagdiriwang sa harap mismo ng bantayog ng pambansang bayani na dinaluhan ng lahat ng miyembro ng mga guro at kawani sa nasabing unibersidad. Sinimulan ang nasabing programa sa pambungad na mensahe ni Dr. Marvin Recapente, Dekano ng Departamento ng Kriminolohiya na sinundan din ng mahalagang mensahe ni Dr. Nenfa R. Taub ukol sa naging buhay at kahalagahan ng pagmamahal sa bayan at kapwa ng ating pamban

INILAHAD ng Campus Administrator ng paaralan ang pagiging mapagmahal sa bayan at kapwa ng ating pambansang bayani na dapat tularan din ng lahat ng guro at mga mag-aaral. Inihandog din ng "Dimasalang choir group" ang kanilang magandang awitin para sa bayani na sinundan ng pag-alay ng bulaklak sa bantayog nito.

Natapos ang nasabing programa

➔ pahina 4

Pagpapaunlad sa pamantasan ng JRMSU pinaigting

ni: Kier Melchor Buladaco



Dr. Nenfa R. Taub, JRMSU Dipolog Campus Administrator

JRMSU, handa na sa pagbubukas ng Senior High School sa susunod na taon

ni: Traci Queen Barbara T. Alpuerto

Nakatakdang buksan ang Senior High School sa susunod na taon sa lahat ng sangay ng Jose Rizal Memorial State University bilang pagtugon sa Republic Act. 10533 o mas kilala bilang "Enhanced Basic Education Act of 2013".

Naging mabilis ang proseso ng pagpapalunsad ng Senior High School sa institusyon ng JRMSU. Matapos ang pagsumite ng kumpletong mga dokumento sa DepEd at pagkakaroon ng ocular inspection noong nakaraang buwan ng Hulyo na pinangunahan ng DepEd Regional at City Office, nakakuha agad ng provisional permit ang institusyon at handa na sa bago nitong programa.

Mayroong dalawang Tracks ang Dipolog Campus, ito ang Academic Track at ang Technical Vocational and Livelihood Tracks kung saan sa bawat track ay mayroong mga inaalok na strand o kurso.

May apat na strands ang Academic track na pwedeng pagpilian ng mga estudyanteng mag-aaral sa Grade 11. Ang mga ito ay ang General Academic Strands (GAS), Science and Technology, Engineering and Mathematics (STEM), Humanities and Social Sciences (HUMSS) at Accountancy, Business and Management (ABM) habang sa Technical Vocational and Livelihood Track naman, nariyan ang Home Economics at Industrial Arts.

Sa panayam ng Bagong Pananaw kay Senior High School Program Coordinator Prof. Ivo Matthew Siaton, target ng institusyon na makapagturo ng 150 na estudyante bawat strand o 900 students sa buong Grade 11 sa susunod na taon.

Dagdag pa niya, magkakaroon ng Voucher Program ang gobyerno na

➔ pahina 4

"Sa kasalukuyan, ang kaayusan sa pasilidad at kalidad ng pagtuturo ang higit na pinagtutuunan ng pansin sa aking pagiging administrador upang mabigyan ng mas magandang serbisyo ang mga estudyante na kanilang matatamasa." Dr. Nenfa R. Taub Pinaigting pa lalo ang

pagsasaayos sa mga pasilidad sa aspeto ng impastruktura at maging sa kalidad ng pagtuturo sa pamantasan ng Jrmsu dipolog campus upang lalong makapagbibigay ng kaalwaan sa mga mag aaral ng pamantasan.

➔ pahina 4

EDITORIAL Senior High School: Daan tungo sa kaunlaran o pahirap sa mamamayan?

"The roots of education are bitter but its fruit is sweet." – Aristotle
Ito ay isang kasabihan tungkol sa edukasyon na ipinahayag ni Aristotle. Ayon sa kanya, mahirap man ang daang dapat nating tahakin upang makapagtapos ng pag-aaral, wala namang katumbas ang kasiyahan at tagumpay na ating makakamtan kapag tayo ay makapagtapos. Sa panahon ngayon, marami sa ating mamamayan ang lugmok sa kahirapan at hindi matustusan ang pag-aaral. Kaya naman sa opisyal na pagpapatupad ng pamahalaan ng programang tinatawag na Senior High School, daan nga ba ito tungo sa kaunlaran o pahirap lamang sa mamamayan?

Naghahanda na ang pamahaaln para sa malawakang pagpapatupad ng nasabing programa. Gayunpaman, maraming sang-ayon at di sang-ayon tungkol sa isyung ito. Ang senior high school program ay ang karagdagang dalawang taon sa basic 10 year education cycle ng Pilipinas o ang huling dalawang taon na bubuo sa K+12 program ng pamahalaan.

Nakasaad sa programa na sa dalawang taon nito, ang mga mag-aaral ay lubos pang sasanayin sa kanilang mga kakayahan.

Ang mga asignaturang ukol sa larangang Business, Science & Engineering, Humanities & Social Science, General Academic, Technical-Vocational-Livelihood (with highly specialized subjects with TESDA qualifications) Sports, Arts & Design ay kabilang sa programang ito. Binibigyan nito ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makapili ng larangang nababagay sa kanila.

Ayon sa karamihan, dagdag pasanin umano ito dahil adgdag

gastusin. Kung lubos na uunawain ang maaaring positibong maidudulot ng programa, bakit tayo manghihinayang sa dalawang taong dagdag kung ang kapalit ay puro kaalaman naman na makatutulong sa atin upang makapag-apply sa isang maayos na trabaho pagdating ng panahon?

Oo, kailangang gumastos ng magulang sapagkat dagdag baon ang dalawang taon pero ang mga pampublikong paaralan ay nag-aalok ng libreng pag-aaral kaya hindi ito masyadong mabigat sa balsa. Tinatayang nasa 18 anyos na ang mga mag-aaral kung makapagtapos sila ng senior high school.

Maari na silang makapagtrabaho lalo na't sila'y handa at bihasa na sa paggamit ng kanilang mga talento at kasanayan.

Sa kabilang dako, sa pagpapatupad ng programang ito, marami ang makikinabang at hindi lamang ang mga mag-aaral. Malamang magdadagdag ng guro ang pamahalaan. Sa katunayan, tumanggap na ng 128,105 guro ang pamahalaan mula 2010 hanggang 2014.

Mababawasan na ang bilang ng mga walang trabaho sa ating bansa. Dagdag pa, isa itong malaking hakbang upang mapataas ang kalidad ng edukasyon sa ating bansa at makaya nating makipagsabayan sa ibang bansa sa buong mundo.

Sa kabuuan, napakalaking tulong ng senior high school upang mapaunlad ang ating bansa. Hindi pa man lubos na handa ang ating pamahalaan, sinusubukan naman nilang gawin ang lahat ng kanilang makakaya. Nakapagpatayo na ang DepEd ng 86, 478 na silid-aralan,



humingi na ng pondo para para sa pagpapatayo ng 27, 499 na silid-aralan para sa senior high school. Tatanggap din ang DepEd ng 37,000 na guro na magtuturo sa senior high school sa 2016. Ating tandaan, lahat na magtatagumpay na bagay ay dumadaan sa proseso.

Napakasarap isipin na ang ating pamahalaan ay unti-unting gumagawa ng paraan para sa kabutihan ng mamamayan.

Mali o tama man ang gawin ng pamahalaan, meron pa ring sasabihin ang mg tao. Sa halip na magbigay tayo ng mga negatibong komentaryo, bakit hindi na lang naatin sila suportahan? Isipin nating mabuti, na ang pag-

unlad ng bansa ay hindi lamang nakasalalay sa ating gobyerno kundi nakasalalay sa ating lahat.

Simulan natin sa ating sarili, kung tayo'y magkakaisa hindi malayong magiging mas maunlad pa ang ating bansa. Kaya naman sa pagpapatupad ng senior high school program, naway maging positibo tayo sa pagtanggap nito. Sa ngayon, wala pa tayong nakikitang resulta pero kung ating uunawaing mabuti, ang tanging layunin ng programang ito ay upang maging daan tungo sa kaunlaran at hindi para dagdagan ang pasanin ng mamamayan.

Wishes come true sa inaabangang Meteor shower!

ni: Arthur Willson Sumatra

Kabigha-bighani ang ipinamalas na kagandahan ng isang meteor shower na naganap kamakailan lang sa kalawakan kung saan daandang tao mula sa iba't-ibang sulok ng mundo ang nakasaksi sa kaganapang ito. Naging laman ng mga pahayagan at telebisyon ang Perseids meteor shower na naganap nitong Agosto 12 hanggang 13 ng taong ito.

Ang paglapit ng kometang may pangalang Swift-Tuttle sa ating planeta ang sanhi ng pagkakaroon ng mala-fireworks display na meteor shower sa kalangitan. Una itong nadiskubre ng dalawang astronomers, sina Lewis Swift at Horace Tuttle nang ito ay lumitaw noong Hulyo 19, 1862. Sinasabing nagpapakita ang kometang ito kada-113 taon at tinatayang sunod na makikita sa darating na Hulyo 12, 2126.

Naniniwala ba kayo na matutupad ang inyong mga hiling o wishes kapag nakakita kayo ng bulalakaw (meteor)? Saan nga ba nagsimula ang paniniwalang ito? Taliwas ang paniniwala ng iba sa pagkakaroon ng meteor shower. Kaakibat nito, dala pa rin ng karamihang tao 'yung mga paniniwala at pamahiin ukol sa ganitong sitwasyon.

Nag-ugat ang mahika na dala ng bulalakaw o falling/shooting star sa kontinente ng Europa, dakong AD 127-15. Ayon kay Ptolemy, isang Griyegong astronomer, pagtataka ang nag-udyok sa mga Diyos na sumilip sa ating planeta na naging sanhi upang kumawala ang iilang mga bituin sa butas na gawa ng kanilang pagsilip, at ang mga bituin na ito ang tinutukoy niyang bulalakaw. Mainam raw na humiling sa ganitong sitwasyon sa

kadahilangang nakasilip ang isang Diyos sa mundo at may posibilidad na marinig Niya ang inyong kahilingan.

May sarili ding bersyon ang mga Hudyo at Kristyano patungkol sa shooting star. Ayon sa kanila, mga itinakil na anghel o demonyo ang mga nahuhulog na nagbabagang bato mula sa kalangitan. Ayon naman sa paniniwala ng mga Tsino, nagdadala ng masamang pangitain ang paglitaw ng kometang ito. Maaring magsanhi raw ito ng isang digmaan, rebelyon labansa kasalukuyang emperador, tagtuyot, baha, at pagkamatay ng mga hari.

Ano ang kadalasang ginagawa mo kapag nakakakita ka ng bulalakaw? Sa bansang Chile, kapag nakakakita ka ng isang bulalakaw ay kailangan mo raw pumulot ng bato at humiling upang matupad ang pangarap mo.

Tayong mga Pilipino naman ay hindi magpapahuli pagdating sa mga ganyan. Sabi ng nakararami ay kapag daw nakasulyap ka ng bulalakaw, kinakailangan mong ibuhol ang isang dulo ng iyong panyo at humiling. Sabi rin ng mga nakatatanda, ang taong kasama mo nang makakita ka ng bulalakaw ay siyang magiging kasama mo habambuhay bilang iyong kabiyak.

Sadyang kahanga-hanga talaga ang kagandahang dala ng bulalakaw pati na rin ang iba pang kauri nito. Ang mga ganitong bagay ay nagdudulot ng munting galak at tuwa sa bawat isa sa atin. Sa huli, huwag nating isaalang-alang ang lahat sa ganitong bagay. Hindi porket humiling ka ay matutupad na ito agad; ika nga nila, kung may tiyaga, may nilaga. Hindi masama ang mangarap; huwag lang tayong lalampas sa limitasyon at patuloy na umasa na lang.

LatHalain

Dimasalang audition umarangkada

ni: Christian Buhisan

“Ito ay taunang audition, ito rin ay nagbibigay daan sa mga estudyante na mahubog pa lalo ang kanilang angking talento” Ito ang wika ni Prof. Venus Dalman Namoc, Socio-Cultural Director ng JRMSU, Dipolog Campus, sa ginanap na audition ng Dimasalang Talents Guild noong Setyembre 9, 2015, sa Administrasyong palapag ng Unibersidad.

Ang nasabing audition ay sinalihan ng higit kumulang 100-estudyante na may iba’t ibang talento sa pagsayaw, pagkanta, at pagtugtog ng instrumento na sinipat ng mga magagaling at dating miyembro ng Dimasalang na sina Patbone Pataganao, Rodelyn Zamoras, Maria Monina Tayona at Hanna Girly Velasco na mga propesyonal.

Pumasa ang 56-studyante sa audition, ipinakita nila ang husay at galing ng kanilang mga talento. Hindi man pinalad na makapasok ang iba sa idinaos na audition, masaya pa rin sila dahil naipamalas nila ang kanilang mga angking husay at talent.

Sa kabuuan, maayos at matagumpay na naidaos ng Dimasalang Talents Guild ang audition.

Mga kwalipikadong mag-aaral na nakuha sa Dimasalang Talents Guild

- Krysha Jayne C. Martinez
- Joyce Cynthia M. Tala
- Shemrah G. Sumampong
- Joescar R. Drilon
- Henry G. Doctora Jr.
- Fernando D. Alumbro Jr.
- Justin R. Lugo
- Baltazar G. Villanos
- Michael A. Visitacion
- Florie Mae R. Abelo
- Isabel L. Libres
- Roxieth C. Bokngkito
- Mico C. Cuenca
- Edgar D. Belagantol Jr.
- Mischelle Cryst Mier
- Jonathan Ranjheth Valencia
- Raymond G. Lozana
- Irven A. Sumalpong
- Erwin B. Sorela
- Florson M. Bantayan
- Ricel Jane O. Sumalpong
- Marie Grace E. Domaboc
- Daryl N. Balagot
- Christian Cloyd L. Maceda
- Kivin R. Ebasitas
- Nelgem F. Llego
- Jaymar Bilonenes
- Maria Theresa Cuico
- Joshua A. Oyao
- Gia Cara B. Partosa

Mga kwalipikadong mag-aaral na nakuha sa choir, ronadalla at acoustic band

- Saimon Cedrick Aripal
- Medsfar E. Bayani
- Lea Cabigas
- Jessa Castillo
- Jerick Daluz
- Carah Labayan
- Roxell Santero
- Claire Sumader
- Andrel A. Antaboc
- Prince Jedidiah Carollo
- Jeconiah B. Delantar
- Jefferson M. Digang
- Shin Carlo G. Elumbaring
- Bomar Recamara
- Novelie Nabong
- Maraiah Mayonila
- Laarnie Maglangit
- Joseph Luna
- Mera Rose Legados
- John Darryl Almazan
- Jonathan M. Alob
- Lesvir C. Bayobay
- Giovanni A. Castro
- Yegenn C. Garcia
- Neil Adams O. Padayhag
- Jerald C. Timbas

JRMSU - NSTP ROTC at CWTS, lumahok sa International Coastal Clean Up 2015

ni: Issabela Denise O. Endrina

“Okay na okay, very cooperative ang NSTP-ROTC at CWTS ng Jose Rizal Memorial State University during the coastal

clean up,” – Exuferancio M. Suan Ito ang galak na pahayag ni National Service Training Program Coordinator Prof. Exuferancio M. Suan matapos ang matagumpay na paglahok ng mga mag-aaral mula sa JRMSU-Dipolog sa naturang aktibidad.

Ginanap ang International Coastal Clean Up noong nakaraan ika-19 ng Setyembre at pinamunuan ng Zamboanga del Norte Provincial Tourism Office na nilahukan rin ng ilang mga empleyado mula sa DILG Dipolog, LGUs, Bantay Dagat Members, Zamboanga del Norte Medical Center at iba pang mga sector.

Bago magsimula ang nasabing paglilinis sa mga coastal areas

ng lungsod, nagkaroon muna ng isang programa na pinangunahan ng mga coast guards.

Naatasang maglinis ang 16 na platoon ng CWTS at ROTC Cadets sa Boulevard hanggang sa Bucana Barra.

“Mabuti ang programang ito dahil malaki ang maitutulong nito sa pagpapahalaga ng kalinisan n gating mga coastal areas”, saysay ni Prof. Suan.

Dagdag pa ni Prof. Nestor Camota, Assistant NSTP Coordinator, “Ako’y natutuwa sapagkat naging parte ang JRMSU Dipolog NSTP sa International Coastal Clean Up at nagampanan ng mga mag-aaral ang kanilang mga tungkulin ng maayos.”



Mga mag-aaral mula sa JRMSU habang naglilinis sa Dipolog City boulevard

Buwan ng Wika sa JRMSU, umani nang matitinding hiyawan

ni: Christian Buhisan
Arthur Willson Sumatra

Halakhakan, palakpakan at hiyawan; ito ang naging matitinding reaksyon ng mga Rizalian ng JRMSU-Dipolog Campus matapos ang matagumpay na pagdiriwang ng Buwan ng Wika na may temang “Filipino: Wika ng Pambansang Kaunlaran”.

Ang nasabing okasyon ay binuksan noong Agosto 17, 2015 na pinangunahan ng mga Dekano, Guro, Student leaders at mga estudyante. Sinimulan ang programa sa mataimtim na panalangin na pinangunahan ng Dimasalang Choristers at sinundan ng pambansang awit. Pormal itong binuksan ng Administradora ng Dipolog Kampus na si Dr. Nenfa R. Taub at ng Tsirman ng nabanggit na okasyon na si Dr. Ramil C. Moroscallo, Asst. Dean ng College



Mga mag-aaral at guro habang dumadalo sa programa ng Buwan ng Wika

of Arts and Sciences.

Ang pinakamagarbong kasiyahan ng selebrasyon ay ang pagkaroon ng maraming paligsahan at kawili-wiling pamukaw-sigla lalong lalo na sa huling araw ng pagdiriwang. Pormal na binuksan ang iba’t ibang paligsahan sa literatura o Lit.Fil at kabilang dito ang Masinging na Pagkukwento,

Monologo at Debate na pawang nasungkit ng College of Education ang unang pwesto. Si Jaymar Bilonenes ng CED-Masining na pagkukwento; Dareb Mae Sinda-Monologo; at si Epp Setit at mga kasama nito naman sa Debate. Hindi rin pahuhuli ang College of Engineering and Technology nang masungkit ni Anilyn Balambao ang unang pwesto sa Tagisan ng

Pinaghandaang Talumpati.

Nagkaroon din ng pakulo ang SSG sa nasabing selebrasyon kung saan nagbigay sila ng kakaibang laro sa mga estudyante na nagbigay-daan sa makabago at dagdag-kaalamang mga bagay. Sa kabuuan, malinis at matagumpay na naidaos ng JRMSU Dipolog Campus ang buwan ng wika sa taong ito.

Extension Launching ng CED, matagumpay na naidaos

Pagpapaunlad..

Isang matagumpay nan a pagpapalawak ng serbisyo at pagbabahagi ng kaalaman ang ipinamalas ng mga guro ng College of Education sa idinaos na Community Extension Program Launching sa Minaog Elementary School noong ika-29 ng Hulyo nito taon.

Ang community extension program launching ng Speech Improvement through Jazz Chant Enhancement, Reading Enhancement through Phonics Awareness at Wasto Segregation na naglalayong maibahagi ang mga kaalaman sa mga mag-aaral ng nasabing paaralan at matulongan ang mga guro bilang mga dalubhasa sa mga nasabing larangan. Pormal na binuksan ang programa sa isang panalangin na sinundan ng pambungad na



Mga guro mula sa JRMSU at Minaog Elementary School

mensahe ni Dr. Elenita Reyna. Samantala, nagbigay naman ng kanyang mensahe ang punong-guro ng paaralan na si G. Serapino E. Estebat Jr., at pagkatapos ay isinunod ang pinakasentro ng nasabing programa ang Memorandum of Agreement

ni: Joseph Barte

signing sa pagitan ng dalawang panig, ang Minaog Elementary School bilang first party at JRMSU - Dipolog naman bilang second party. Ito naman ay winakasan ng isang pangwakas na mensahe ni Dr. Clarita Bidad.

Sa kabilang dako, ang ibang guro na lumahok at nakinabang sa nasabing extension program launching ay sina Gng. Ranes, Gng. Icao, Gng. Sescon, kasama na ang governor ng CED na si Gerson Cajoco at Dimasalang Talents Guild na siyang nagpasaya sa nasabing programa.

mula pahina 1

Sa pakikipagpanayam kay Dr. Nenfa R. Taub ang kasalukuyang administrador ng JRMSU Dipolog campus, nailahad niya mga kapansin pansing proyekto na madaling makikita ng mga mag aaral kagaya na lamang ng bagong gawa na parking area; ang pagpapalalim at pagtatakip ng mga kanal; at ang kasalukuyang ginagawa na palikuran ng CED, CAS at CET na inaasahang matatapos sa loob ng unang semester taong kasalukuyan. Nailakip rin na ang mga naturang proyekto ay nagkakahalaga ng mahigit kumulang 6.2 milyong piso.

Hindi lang mga pasilidad ang naisama sa pagpapaunlad ng pamatasan nandiyan rin ang pag aarkila ng mga "part time teacher" na merong masteral at doctorate degree sa sariling larangan. Ayon parin kay DR. Nenfa R. Taub " hindi basta basta ang pagtuturo sa isang Unibersidad. Kinakailangan ng masteral o doctorate degree upang maging instructor sa JRMSU alinsunod sa pamantayan ng ASEAN, nang sa gayon ay mabigyan ang mga mag aaral ng di kalidad na edukasyon."

Student Orientation 2015, mainit na sinalubong ng Rizalian

ni: Joseph Barte

Mainit na sinalubong ng mga bagong Rizalian ang idinaos na Student Orientation 2015 sa pangunguna ng Office of the Student Affairs and Services at ng Guidance and Counseling Office na ginanap sa JRMSU Gymnasium, buong araw ng ika-12 ng Agosto taong kasalukuyan.

Ang Student Orientation na may layuning mabuksan at ipamulat sa isipan ng mga bagong Rizalians ang mga dapat at hindi dapat gawin sa loob ng institusyon ay pormal na binuksan sa pagbibigay ng pambungad na pagbati ng dekanong ng Students Affairs and Services na si Dr. Felipe A. Pialago na sinundan naman ng pamukaw-isip na mensahe ng administrador ng kampus na si Dr. Nenfa R. Taub na nag-iwan ng popular na pahayag sa ingles na "If there is a



Mga mag-aaral habang nakikinig sa Students' Orientation

will, there is a way".

Sa unang bahagi ng oryentasyon ay inihayag ang mga palisiya at pati na ang pagpapakilala sa mga fakulti ng iba't-ibang departamento na pinangungunahan nina Prof. Bernard Gilaga, Asst. Dean ng COC; Prof. Lorenzo Sugod ng CETech; Dr. Luz L. Sy ng CED at Dr. Clarita Vidad ng CAS.

Samantalang ipinahayag naman ni Dr. Felipe A. Pialago ng DSAS ang responsibilidad at karapatan ng mga estudyante.

Sa ikalawang bahagi ng programa naman ay inilahad ang mga serbisyong maibibigay ng iba't-ibang opisina ng JRMSU na maaaring mapapakinabangan ng bawat estudyante gaya ng Library Services sa pamamahala ni Mrs. Teresita Saile; Guidance and Counseling Office ni Ms. July Anne Gahisan; Health Services and Sanitation ni Mrs. Imelda G. Merciales; Cafeteria Services sa pamamahala ni Alma D. Passigna; Student Security and Safety sa pangunguna ni Exuferancio M. Suan; Sports Affairs ni Stella Jamarolin; Cultural Affairs ni Venus D. Namoc; Drum and Lyre Corps sa pangunguna

ni Ivo Mathew Siaton; Student Publication na sina Ma. Estela Sescon at Pretty Abigail C. Pacilan naman at SSG Concerns naman na inilahad ni Charlene Grace Brofiola bilang pangalawang pangulo ng SSG.

Tila hindi alintana ng mga estudyanteng dumalo at nakiisa sa programa ang pagod sa pag-upo at ang paglaan ng isang araw bagkus ay mapipinta sa mga mukha nila ang pasasalamat dahil naghisilbi itong susi at gabay sa kanilang pagpasok sa mundo ng JRMSU upang makamit ang pangarap na inasam sa buhay.

JRMSU ipinagdiriwang..

mula pahina 1

sa mensaheng pangwakas ni Dr. Felipe Pialago, ang Dekanong ng Students Affairs and Services ng

unibersidad ,na naglalaman ng pagsasabuhay ng mga mabubuting ambag ng pambansang bayani na si Dr. Jose Protacio Rizal.

JRMSU, handa na sa pagbubukas..

mula pahina 1

magbibigay ng kaukulang tulong pinansyal sa bawat estudyante sa senior high school.

Ang syudad ng Dipolog ay hindi gaanong mataas ang urbanisasyon kaya bawat mag-aaral mula sa syudad ay magkakaroon ng P17, 000 kada taon na gagamiting pambayad sa kanilang matrikula sa loob ng dalawang semester ngunit kalahati lamang ng kabuuan ang makukuha ng estudyante kung sila'y mag-aaral sa pampublikong paaralan dahil sa less 50% subsidy ng gobyerno. Sa madaling salita, P8, 500 ang makukuha ng estudyante sa isang taon.

Makukuha lamang nila ng buong tulong pinansyal kung sila'y mag-aaral ng senior high school sa isang pribadong paaralan.

Nasa P12, 060 ang iminungkahing bayarin sa matrikula kada taon ng JRMSU, sa makatuwid, P3, 560 ang magiging dagdag bayarin ng

isang estudyante sa Grade 11. Mayroong 80 na oras ang dapat kumpletuhin ng estudyante sa loob ng isang semester at nasa proseso pa lamang ng pagpapalano ang komite ukol sa pagkakaroon ng sariling uniporme sa senior high school.

"Maapektuhan ang magiging populasyon ng institusyon sa susunod na taon dahil sa K-12. Dahil dito, liliit ang magiging bilang ng freshmen at enrollees by next school year. Malaking tulong ang pagkakaroon ng Senior High School Program sa JRMSU upang makadagdag ng estudyante hindi lamang dito sa Dipolog Campus, pati na rin sa ibang sangay ng University," saysay ni Prof. Siaton.

Sa kasalukuyan, mayroon pa lamang higit kumulang 300 na pre enrollees ang JRMSU Dipolog Campus at hanggang October 19, 2015 lamang ang pre-enrolment sa institusyon.

EDITORIAL STAFF

TRACI QUEEN BARBARA T. ALPUER
Editor In Chief

ARTHUR WILLSON SUMATRA
Associate Editor In Chief

Knile A. gumela
Stella Italia Pinna
Dhebie Tizon
Shem Villamor
Christian Buhisan
John Mark Legados
John Barte
May Luna Azucenas

Amirah B. Rambit
Rochel M. Tagalog
Nica Antiquina
Cindy Advincula
Kier Melchor Buladaco
Issabela Denise Endrina
Geraldin Palliga

Writing Pool

May Luna Azucenas
Layout Artist

Welly Dalman
Cartoonist

ADVISERS

PROF. PRETTY ABEGAIL C. PACILAN
The State Collegian

PROF. MA. ESTELA A. SESCON, MA.FII
Ang Bagong Pananaw

CONSULTANTS

FELIPE A. PIALAGO, Ed. D
Dean, Students Affairs and Services

NENFA R. TAUB, Ed. D
Campus Administrator

EDGAR S. BALBUENA, FRP, FRIEdr
JRMSU System President